Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-03 NG NOBYEMBRE, 2022 SA GANAP NA IKA–09:23 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan /Tagapangulo* |
| KGG. MA. ROMA R. TABLICO | ----------- Kagawad |
| KGG. MODESTO B. ABADIER | ----------- Kagawad |
| KGG. MARK ANTHONY L. LAGROSA | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN DEMBER A. DELOS REYES | ----------- Kagawad |
| KGG. MGGL. JEROMME D. LACBAY | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHANG BLG. 81 T. 2022**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY KGG. JUAN MIGUEL "MIGZ" ZUBIRI, SENADOR NG REPUBLIKA NG PILIPINAS NG TULONG PINANSIYAL NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAANG MILYON (P 100,000,000.00) PISO UPANG ILAAN SA PAGPAPATAYO NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA**

**Akda ni KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO**

**SAPAGKAT,** lubhang masikip na ang kasalukuyang gusali ng Pamahalaang Bayan ng Lumban patunay ang pagsasama-sama ng ilang tanggapan sa isang maliit na kwarto;

**SAPAGKAT,** sa tuwing dumadagsa ang mga mamamayan sa Pamahalaang Bayan, ay lubhang napakaliit ng mga tanggapan kung kaya ang iba ay sa labas naghihintay;

**SAPAGKAT,** ang isang maayos at kumbinyenteng lugar na pinagtatrabahuhan ay mahalaga sa isang mas maayos at epektibong paglilingkod sa bayan;

**SAPAGKAT,** alam ng mga Opisyal ng Bayan ng Lumban ang kadakilaan ng puso ng Mahal na Senador Juan Miguel Zubiri na palagiang tumutugon sa mga makabuluhang kahilingan ng mga Lokal na Pamahalaan;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rose Ann R. Añonuevo na pinangalawahan nina Kgg. Donnie L. De Venecia at sinang-ayunan ng lahat ng mga nagsidalo ay;

**IPASIYA**, gaya ng dito ay **IPINAPASIYA** na, mapitagang hilingin kay Kgg. Senador Juan Miguel Zubiri, Senador ng Republika ng Pilipinas ang Tulong Pinansiyal na nagkakahalaga ng isang daang milyon (P 100,000,000.00) piso upang ilaan sa pagpapatayo ng bagong gusali ng Pamahalaang Bayan ng Lumban, Laguna.

**IPINASIYA PA RIN**, na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang tanggapan ng butihing Senador Juan Miguel "Migz" Zubiri sa Rm. 505 and 18 (New Wing 5ft floor) GSIS Building,

Financial Center, Diokno Blvd., Pasay City at sa iba pang kaukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran at gabay.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-03 ng Nobyembre, 2022.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt110322res81*